TAGALOG

Mga Kinakailangan para Makapagtapos ang Klase ng 2009-2012

Pagkuha ng Certificate of Academic Achievement (CAA-Sertipiko ng Kakayahan sa Pag-aaral)

Ang CAA sa maaring makuha sa pagkakamit ng lahat ng pangangailangan para makapagtapos sa estado at paaralang distrito,[1] kabilang na ang Culminating Project (pagtatapos na proyekto) at ang High School and Beyond Plan (plano para sa haiskul at pagkatapos) at:

(1) Pagpasa sa Pagbasa at Pagsulat na bahagi ng WASL, o

Pagkatapos na bumagsak sa WASL, ang pagpasa sa isa sa sinang-ayunan na pagpipiliang opsiyon sa Pagbasa at Pagsulat, kabilang ang:

a. a. Pagbasa:

i. Ang pagkakaroon ng marka na 3 o mas mataas pa sa Advanced Placement (AP) na pagsusulit: English Literature and Composition, Macroeconomics, Microeconomics, Psychology, United States History, World History, United States Government and Politics, at Comparative Government and Politics, o

ii. Makamit ang pinakamababang kakailanganing marka sa pagbasa sa SAT at ACT, na ipaaalam ng Washington State Board of Education ng hindi lalagpas ng Disyembre 1, 2007

b. Pagsulat:

i. Ang pagkakaroon ng marka na 3 o mas mataas pa sa Advanced Placement (AP) English Language and Composition na pagsusulit, o

ii. Makamit ang pinakamababang kakailanganing marka sa pagbasa sa SAT at ACT, na ipaaalam ng Washington State Board of Education ng hindi lalagpas ng Disyembre 1, 2007

AT

(1) Pagpasa sa bahagi ng Matematika ng WASL, o

Pagkatapos na bumagsak sa WASL, ang pagpasa sa isa sa sinang-ayunan na pagpipiliang opsiyon sa Matematika, kabilang ang:

a. Pagkakaroon ng marka na 19 o mas mataas pa sa bahagi ng matematika sa ACT,

b. Ang pagkakaroon ng marka na 3 o mas mataas pa sa Advanced Placement (AP) Calculus o Statistics na mga pagsusulit,

c. Pagkakaroon ng marka na 470 o mas mataas pa sa bahagi ng matematika sa SAT, o

[1] Ang Lupon ng Paaralan sa Edukasyon ay nagbabalak na dagdagan ang kinakailangang dami ng kredito sa matematika ng lahat ng mag-aaral mula sa dalawa hanggang tatlong kredito, nangangahulugan na kailangang makakumpleto ang mag-aaral ng anim na klase ng matematika na ang nilalaman ay nakahanay sa o pinakamababa ang ika-9, ika-10 at ika-11 na Grade Level Expectations (GLEs-Inaasahan na Matutuhan ng Mag-aaral sa Antas ng Grado).

O

(2) Pagkatapos na bumagsak sa WASL, ang pagkumpleto ng WASL/Grades Comparison (pagkumpara ng WASL/Marka), na kung saan ang mga marka ng mag-aral sa matematika at/o English na kurso ay ikukumpara sa mga marka ng mga mag-aaral na kumuha ng parehong kurso AT nakapasa sa WASL. Ang opsiyon na ito ay para lamang sa mga mag-aaral na nasa ika-12 na grado na may pinagsamang Grade Point Average ng hindi bababa ng 3.2 sa 4.0 na antas ng marka.

(3) Pagkatapos na bumagsak sa WASL, pagsama-samahin ang isang set ng kakatawan na gawain para ibigay sa estado para mabigyan ng marka (Collection of Evidence-pagkolekta ng ebidensiya).

Pagkakaroon ng Diploma

Para sa mga mag-aaral na nakamit ang lahat ng kinakailangan sa CAA, ngunit hindi nakapasa sa matematikang bahagi ng WASL o alinmang Pinayagang Pagpipiliang Kurso, sila ay makakatanggap ng diploma at makapagtatapos sa pagkuha ng dalawang matematika o katumbas ng CTE na kredito (apat na klase) at pagkuha muli ng WASL kada taon. Ang mga mag-aaral ay kailangang makapasa sa mga klase sa matematika at CTE, hindi ng WASL para makatanggap ng diploma.

Kung ang mag-aaral ay nakapasa ng matematika na bahagi ngWASL kapag kumuha ulit, hindi na niya kailangang ipagpatuloy ang pagkuha ng matematika o katumbas na kurso ng CTE. Siya ay makakatanggap ng CAA kaysa diploma.

Pagkakaroon ng Certificate of Individual Achievement (CIA-Sertipiko ng Pansariling Kakayahan)

Ang CIA ay para sa mga mag-aaral ng espesyal na edukasyon na hindi puwedeng kumuha ng WASL (ng o ng walang pagbibigay-daan na tulong) na nakamit ang lahat ng kinakailangan para makapagtapos sa estado at distrito at

(1) Kumpletuhin ang WASL-Modified (WASL-MO) o WAAS-Portfolio sa mga grado 9 o 10 o

(2) Kunin ang Developmentally Appropriate WASL (WASS-DAW-nararapat ayon sa kakayahan) sa mga grado 11 at 12.

Certificate of Attendance (Sertipiko ng Pagpasok)

Para sa mga mag-aaral ng espesyal na edukasyon na hindi nakamit ang mga pangangailangan ng CIA, ang Distrito ay maaring magbigay sa kanila ng Certificate of Attendance. Alinsunod sa batas na "Kevin's Law," kinakailangang payagan ng distrito ang lahat ng mag-aaral sa espesyal na edukasyon na may Individualized Education Program (IEP-Programa para sa Pansariling Edukasyon) na nag-uutos sa patuloy na espesyal na edukayon o kaugnay na serbisyo sa pagitan ng edad 18 at 21 (kahit na sa mga hindi nakamit ang pangangailangan para sa CIA) na makasali sa seremonya sa pagtatapos sa kanilang ika-apat na taon sa haiskul.[2] Ang mga mag-aaral ay maari rin na pumili na sumali sa mga gawain sa pagtatapos at makatanggap ng Certificate of Attendance kapag natupad nila ang mga layunin ng IEP goals at/o maging 21.

[2] Ang mga mag-aaral ng espesyal na edukasyon ay hindi bibigyan ng karapatan na sumali sa gawain sa pagtatapos taon-taon pagkatapos nito. Gayunpaman, sila ay maaring sumali muli sa pagtatapos kung kanilang nakamit ang mga pangangailangan sa CIA pagkatapos ng kanilang ika-apat na taon sa haiskul.